**UNIBERSIDAD NG PILIPINAS MANILA**

**WIKA 1: Wika, Kultura, at Lipunan**
**Prop. Odessa N. Joson (Ma'am Ow)**

GABAY SA PAG-AARAL: MODYUL D

Introduksiyon

Sa modyul na ito matutunan mo ang ugnayan ng wika sa kultura at pagpapakahulugan. Makikita mo kung paanong ang wika ay hindi lamang isang kasangkapan kundi nagtataglay ng kahulugan at pagpapakahulugan. Gamit ang mga halimbawa sa wikang Filipino, at ibang wika sa Pilipinas, mapapalalim mo ang kaalaman at pagkilala sa mga katangian ang iyong kultura at identidad.

Layunin sa Pagkatuto:

Sa katapusan ng Modyul D, inaasahan na ikaw ay:

1. Makapaghahambing ng kahulugan ng mga salitang Filipino (dayalekto man o sosyolekto) na ginagamit ng iba't ibang pangkat mula sa iba't ibang lugar bilang repleksyon ng samu't saring kultura ng Pilipinas;

2. Makapaglalarawan ng iba't ibang kultura at identidad ng mga etno-linggwistikong grupo batay sa kanilang paggamit ng wikang Filipino;

3. Makalilkha ng posisyon o kuro-kuro hinggil sa usapin ng paraan ng paggamit ng wikang Filipino at kung paano ito nagpapakita ng isang pananaw sa mundo.

Wika at Kultural na Diversidad

Paano nasasalamin ng wika ang kulturang pinagmulan nito? Para masagot ito, mahalagang malaman mo ang linguistic relativity at linguistic determinism. Sa ilalim ng linguistic determinism, ang wika ay nagbibigay balangkas para sa ating mga idea, at napakahirap lumabas sa balangkas na ito. Ibig sabihin, nakakaapekto ang wika sa paraan at kakayahan nating mag-iisip at magpahayag ng idea. Kung limitado ang kaalaman natin sa wika, limitado rin ang kakayahan nating iproseso at tanggapin ang ating realidad. Ayon naman sa linguistic relativity, ang bawat kultura ay may kani-kaniyang paraan ng pagpapahayag sa wika. At dahil dito, hindi magiging magkakapareho ang kahulugang nabubuo sa dalawang kultura.

JOSON (ALL RIGHTS RESERVED)

**Gabay sa Gawain A**

1. Basahin mo ang Modyul 3 - WIKA BILANG PANANAW-MUNDO, KULTURAL NA DIVERSIDAD, AT IDENTIDAD.

2. Batay sa Modyul 3, pag-isipan mo ang Gawain 2 tungkol sa Prologue ng *Through the Language Glass*, (Deutscher, 2010) at iugnay mo ito sa Gawain 3 ng nasabing modyul.

3. Basahin ang *Ang Pilipino Kung Mangatwiran: Pagpapahayag at Batayan* nina Enriquez at Acuna (1995: pp.67-95).

4. Pagkatapos basahin ang sanaysay, pag-isipan mo ang sumusunod:

a. Paano ipinakikita sa wikang Filipino ang intensyon at layunin? Magbigay ka ng sarili mong halimbawa.
b. Ano-anong mga konsepto ang pinaniwalaang magkasingkahulugan ngunit napatunayan ng sanaysay na hindi naman pala? Magbigay ka ng sarili mong halimbawa.
c. Paano tinitingnan ng mga Pilipino ang konsepto ng katotohanan?

Kapag binasa ninyo ang Modyul 3, tinatalakay nito ang kapangyarihan ng wika na ilarawan ang isang kultura. Kung paanong ang wika ay nagiging landasin ng isang kultura at lipunan. Gayundin, mahalaga ang tinukoy ni Deutscher sa kaniyang Prologue. Tinalakay niya ang "Domain of Labels, Land of Concepts" bilang ugnayan ng wika at kultura. Na sa pagtukoy ng ugnayang ito, maaring mabuo ng pananaw-mundo ng isang lipunan.

Sa sanaysay *Ang Pilipino Kung Mangatwiran: Pagpapahayag at Batayan* nina Enriquez at Acuna (1995: pp.67-95), masisilip kung paano mag-isip at mangatwiran ang mga Pilipino gamit ang wika. Hinimay rin ng sanaysay ang mga konsepto sa kamalayang Pilipino sa pamamagitan ng imbestigasyon at paghahalimbawa sa wika.

Sa kasalukuyan, ang wikang tinutukoy rito ay hindi na lamang berbal na wika kundi nagsanga na rin sa modernong midyum ng ating panahon. Isang halimbawa nito ay ang memes. Inilalarawan ng Oxford Learner's Dictionary (2020), ang memes bilang "imahen, vidyo, teksto, atbp na mabilis na naipapasa sa internet users, kalimitang may kaunting pagbabago para gawing katawa-tawa" *(akin ang salin).*

**Gabay sa Gawain B**

1. Basahin mo ang Powerpoint presentation ng mga “USA Versus Philippines Memes.”
2. Pagkatapos basahin ang Powerpoint presentation, pag-isipan mo ang sumusunod:
   a. Paano mo ipapaliwanag ang pagkakaiba sa kahulugan ng tugon ng dalawang wika/kultura sa bawat meme?
   b. Ano ang implikasyon ng mga tugon sa Filipino tungkol sa kulturang Pilipino?
3. Punan mo ng sariling tugon ang bakanteng meme na ipapakita ng propesor. Maghandang talakayin ang iyong sagot sa Zoom meeting.

JC (ALL RIGHTS RESERVED)

Makikita sa memes ang pagkakaiba ng ating reaksiyon kumpara sa mga ibang kultura. Dahil magkaibang wika, karanasan, at kultura ang tampok sa memes, matutunghayan ang magkaibang pagtugon kahit pa sa iisang sitwasyon. Sa gayon, masusuri at mapapalalim mo ang kaalaman sa kultura sa pamamagitan ng pag-aaral ng wika.

Ang Pilipinas ay isang multi-etniko at multi-lingguwal na bansa. Sa kasalukuyan, mayroon tayong higit sa 180 na wika. Ang diversidad sa wika ay maaring tingnan bilang isang biyaya dahil sa lumilikha ito ng mayamang batis ng kaalaman. Bawat isang wika ay naglalaman ng mga konsepto, pahiwatig, karanasan na makapagpapayaman sa karanasan natin bilang bansa. Isang mahusay na halimbawa nito ang karanasan ng wikang Filipino. Ayon kay Constantino (2012), katangian ng Filipino bilang lingua franca ang pagkakaroon at pagbubuo ng varayti. Dahil wikang komon sa buong bansa, ang nalilikhang pagkakaiba sa wika ay nagpapalalim at nagbibigay ng halaga sa wikang Filipino.

**Gabay sa Assignment**

1. Basahin mo ang sanaysay na *Pluralidad tungo sa Identidad* (2012) ni Pamela Constantino.
2. Pagkatapos basahin ang sanaysay, pag-isipan mo ang sumusunod:
3. Ano-ano ang mga teorya kaugnay ng varayti ng wikang Filipino?
4. Ano-anong aspekto ang nagbibigay kabuluhan sa pag-aaral ng varayti ng wikang Filipino?

5. Basahin mo ang pahina 8-24 ng Modyul 3 - WIKA BILANG PANANAW-MUNDO, KULTURAL NA DIVERSIDAD, AT IDENTIDAD.

6. Batay sa Modyul 3, gawin mo ang Gawain 7b at ang kaugnay nitong Gawain 9b ng nasabing modyul. Bilang modipikasyon at paglilinaw sa gawain, ilista lamang ang mga salita/eskspresyon na nagkaroon ng pagbabago sa nauna nitong kahulugan. Ipaliwanag din ang dahilan sa pagbabagong kahulugan o gamit ng salita/ekspresyon.

7. Maghandang iulat sa klase ang inyong talahanayan at presentasyon.

8. Mag-log in at i-upload ang file ng inyong presentasyon sa VLE course ng ating klase.

**Format ng pag-uulat:** 20 mins max, 10 slides max.

| **Rubrik ng Pagpupuntos (10pts):** | |
|---|---|
| **Ispontanyong pag-uulat** | 1pt |
| **Malikhaing presentasyon ng mga idea:** | |
| Kawili-wiling format ng pag-uulat | 2pts |
| Malikhaing biswal na presentasyon | 1pt |
| **Maayos na pagbabalangkas ng paliwanag:** | |
| Angkop na pagpili ng mga salita/ekspresyon | 2pts |

JOSON (ALL RIGHTS RESERVED)

| | |
|---|---|
| Mainam na pagtalakay sa nilalaman ng talahanayan | 2pts |
| Maayos na pagpapaliwanag sa pagbabago ng mga salita | 2pts |

Pangwakas

Sa pamamagitan ng pag-aaral ng wika, mas naiintidihan natin ang ating sarili at ang iba sa atin. Naibabahagi rin ang magkakaibang karanasan sa wika kaya mas lumalalim ang pagkakakilalan at pagkakaunawaan. Sa wika natin nakikita ang katangian ng kultura at naipapaliwanag ang ating sistema ng pagpapahalaga. Sa isang bansang maraming wika, maaaring gamiting bentahe ang diversidad sa pag-alam at pasusuri ng identidad at pagkabansa.

Mga Sanggunian:

MODYUL 3 - WIKA BILANG PANANAW-MUNDO, KULTURAL NA DIVERSIDAD, AT IDENTIDAD. https://vle.upm.edu.ph/course/view.php?id=494#section-2

Constantino, P. “Pluralidad tungo sa Identidad.” Peregrino, J., Constantino, P., Ocampo, N., at Petras, J., mga editor. *Salindaw: Varayti at Baryasyon ng Filipino*. Lungsod Quezon: Sentro ng Wikang Filipino, 2012. https://vle.upm.edu.ph/course/view.php?id=494#section-2

Enriquez, Virgilio at Acuna, Jasmin. *Ang Pilipino Kung Mangatwiran: Pagpapahayag at Batayan*. *Edukasyon Journal. Wika at Pag-iisip.* Bol. 1, No. 3. July-September 1995. https://drive.google.com/file/d/1LZiJuHnD-u-vOzfj0-A4TydjWA85CHrR/view

“meme” *Oxford Learner’s Dictionaries.* 2023. https://www.oxfordlearnersdictionaries.com/us/definition/english/meme?q=memes

JOSON (ALL RIGHTS RESERVED)